



## MADALING MGA KATOTOHANAN

# Pag-unawa Kung Paano Pumili ng Isang Plano ng Kalusugan

Ang mga tip sa papel ng katotohanan na ito ay tutulong sa iyong pagpili ng plano ng kalusugan batay sa mga kadahilanan na mahalaga sa'yo.



Online sa [nystateofhealth.ny.gov](http://nystateofhealth.ny.gov)



Sa pamamagitan ng telepono sa 1-855-355-5777

TTY 1-800-662-1220

Narito ang 6 na mga bagay na dapat isipin kung pipili ng plano ng kalusugan:

### 1 Mga Premyum

Ito ang buwanang babayaran mo sa plano ng kalusugan, pagkatapos mong tumanggap ng anumang tulong na pera na nararapat sa'yo sa pamamagitan ng Pamilihan. Babayaran mo ito bawat buwan, gumagamit ka man ng medikal na pangangalaga o hindi. Sa pangkalahatan kung mas mataas ang premyum, mas maliit ang babayaran mo mula sa iyong bulsa kapag kukuha ka ng mga serbisyo.

### 2 Mga gastos mula sa iyong bulsa

Ito ang mga gastos na babayaran mo kung kukuha ka ng medikal na pangangalaga. Ang mga bagay tulad ng:

- **Babawasin (Deductible)** - babayaran mo muna ito. Ito ang halaga na babayaran mo bago mag-umpisang magbayad ng mga serbisyo ang iyong plano ng kalusugan. Walang babawasin sa ilang mga plano.
- **Copay** - magbabayad ka ng nakapirming halaga sa bawat pagdalaw ng iyong doktor, gamot o ibang serbisyo, babayaran ng plano ng kalusugan ang matitira.
- **Coinsurance** - magbabayad ka sa porsiyento ng gastos, babayaran ng plano ng kalusugan ang matitira. Hindi lahat ng plano ng kalusugan ay may co-insurance.
- **Pinakamataas na galing sa bulsa (Out-of-pocket maximum)** - ang pinakamataas na babayaran mo sa isang taon - napakahalaga! Lahat ng mga plano ng kalusugan sa Pamilihan ay may pinakamataas na galing sa bulsa.

### 3 4 Metal na mga Antas

Ang mga plano ay inayos sa 4 na iba't-ibang metal na mga antas. Ang mga metal na mga antas na ito ang magbibigay sa iyo ng ideya kung ano ang babayaran mo.

Metal na mga antas	Mga Premyum	Mga Gastos mula sa iyong Bulsa
Platino na mga Plano:	Pinakamataas	Pinakamababa
Ginto na mga Plano:	Mas mataas	Mas mababa
*Pilak na mga Plano:	Katamtaman	Katamtaman
Tanso na mga Plano:	Pinakamababa	Pinakamataas

\*Para sa ilang tao, umaasa sa kanilang kinikita, ang Pilak na antas ay maaring ang pinakamahusay na pili dahil ang tulong na pera ay magagamit sa mas mababang mga gastos mula sa bulsa.

## 4 Saklaw na mga Serbisyo

Isipin ang tungol sa kung gusto mo ng dagdag na mga serbisyo. Ang “pamantayang mga plano” ay sumasaklaw sa parehong 10 mga serbisyo at ang mga gastos mula sa bulsa ay pareho. Ang pagkakaiba sa pagitan ng “pamantayang mga plano” na iniaalok ng ibat-ibang mga kompanya ay ang ugnayan ng tagapagtustos, pormularyo ng gamot at premyum. Ang “hindi-pamantayang mga plano” kung minsan ay sumasaklaw ng dagdag na mga serbisyo tulad ng pangangalaga sa ngipin at paningin para sa matatanda.

## 5 Mga doktor sa network

Ang bawat plano ng kalusugan ay nakakontra sa tiyak na mga doktor at ospital. Maaring napakamahal ang gumamit ng mga doktor at ospital sa labas ng ugnayan. Suriin upang malaman kung ang iyong mga doktor ay nasa ugnayan.

## 6 Pormularyo ng Gamot

Suriin ang pormularyo ng droga ng mga plano ng kalusugan, o talaan ng mga saklaw na gamot, upang malaman kung ang iyong mga iniinom na gamot ay nasasaklaw at kung magkano ang iyong babayaran sa bawat panahong bibili ka ng nireseta.

Pumili ng plano ng kalusugan sa ika-15 ng buwan para sa saklaw na mag-uumpisa sa ika-1 ng susunod na buwan. Tandaan, karamihan ng mga tao ay dapat magpatala sa panahon ng taunang panahon ng bukas na pagpapatala.



Online sa  
[nystateofhealth.ny.gov](http://nystateofhealth.ny.gov)



Sa pamamagitan ng  
telepono sa  
1-855-355-5777

TTY  
1-800-662-1220